Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 32
Sa Halamanan ng Getsemani

"36 Nang magkagayo'y dumating si Jesus na kasama sila sa isang dako na tinatawag na Getsemani, at sinabi sa kaniyang mga alagad, Magsiupo kayo rito, samantalang ako'y pumaparoon doon at manalangin. 37At kaniyang isinama si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo, at nagpasimula siyang namanglaw at nanglumong totoo. 38 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at makipagpuyat sa akin. 39 At lumakad siya sa dako pa roon, at siya'y nagpatirapa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo. 40 At lumapit siya sa mga alagad, at sila'y kaniyang naratnang nangatutulog, at sinabi kay Pedro, Ano, hindi kayo maaaring mangakipagpuyat sa akin ng isang oras? 41 Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman. 42 Muli siyang umalis na bilang ikalawa, at nanalangin, na nagsasabi, Ama ko, kung di mangyayaring makalampas ito, kundi ko inumin, mangyari nawa ang iyong kalooban. 43 At siya'y nagbalik na muli at naratnan silang nangatutulog, sapagka't nangabibigatan ang kanilang mga mata. 44 At muli niya silang iniwan, at umalis, at nanalangin bilang ikatlo, na sinabing muli ang gayon ding mga salita. 45 Nang magkagayo'y lumapit siya sa mga alagad, at sinabi sa kanila, Mangatulog na kayo, at mangagpahinga: narito, malapit na ang oras, at ang Anak ng tao ay ipinagkakanulo sa mga kamay ng mga makasalanan. 46 Magsitindig kayo, hayo na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin." (Mateo 26:36-36 KJV)

Mahilig ang mga tao pumunta sa mga hardin kung saan puwede silang mag-enjoy at mag-spend ng magandang oras. Sa Bibliya, may mga hardin din. Sa Lumang Tipan, nandoon ang hardin sa silangan ng Eden, kung saan dinala ng Dios ang tao nang nilikha Niya ito at tinuruan kung paano mamuhay. Pero nabigo ang tao sa Dios kaya inalis siya ng Panginoon sa hardin ng Eden at ipinataw sa kanya ang pasanin na pamahalaan ang lupa at kumain mula sa mga bunga nito. Pero ipinangako ng Dios na magpapadala Siyang Tagapagligtas para iligtas ang sangkatauhan mula sa kasalanan at sa mga panlilinlang ni Satanas. Sinabi ng Dios sa ahas, ***"15 At papagaalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi: ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong." (Genesis 3:15 KJV)*** Sa huli, dumating si Cristo, ipinanganak ng babae; Siya ay dumating para iligtas tayo mula sa kasalanan at kamatayan.

Kinagabihan Siya ay ipinagkanulo, umalis si Jesus kasama ng Kanyang mga alagad sa halamanan ng Getsemani, hindi para magsaya o kumain, o mag-camping at magkaroon ng pagninilay, kundi pumunta Siya doon upang patibayin ang Kanyang desisyon at sumang-ayon sa kalooban ng Dios. Sa Kanyang panalangin sinabi Niya sa Dios Ama, ***"gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo"*** Ang Getsemani ay isang lugar na kailangang daanan ng bawat isa sa atin bago tayo makarating sa Langit. Ang Getsemani ay ang espiritwal na lugar kung saan matutugunan mo ang mga sumusunod:-

1. Tanggapin ang kalooban ng Dios.
2. Harapin ang maling gawain.
3. Magpatuloy.
4. Tanggapin ang mga hamon.
5. Tanggapin ang pag-uusig
6. Mabuhay nang may pag-uusig. ***"3 Makipagtiis ka sa akin ng mga kahirapan, na gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus." (2 Timoteo 2:3 KJV)***
7. Manalangin, lumuhod, at umiyak sa Dios sa banal na takot. ***"7 Na siya sa mga araw ng kaniyang laman ay naghandog ng mga panalangin at mga daing na sumisigaw ng malakas at lumuluha doon sa may kapangyarihang makapagligtas sa kaniya sa kamatayan, at siya'y dininig dahil sa kaniyang banal na takot," (Hebreo 5:7 KJV)***
8. Maramdaman ang sakit, at tanggapin ang lahat ng darating na pakikibaka (pang-iinsulto, kahihiyan, pagtanggi, pag-aalipusta, pagtataksil, pisikal na sakit at labis na kirot). ***"Sapagka't sa inyo'y ipinagkaloob alangalang kay Cristo, hindi lamang upang manampalataya sa kaniya, kundi upang magtiis din naman alangalang sa kaniya:" (Filipos 1:29 KJV)***
9. Harapin ang mga lumang isyu at problema. Nang dumating si Jesus, hinarap niya ang mga lumang isyu at maling gawain na tumagal ng maraming siglo. Ang mga isyung at problemang ito ay matagal na, pero walang sinuman sa mga tao ang gustong harapin o itama ang mga ito, dahil ang mga tao ay iniiwasan ang gulo, o sila mismo ay bahagi ng korapsyon na nangyayari.

Ang Getsemani, ang kahulugan ng salitang ito ay **'Pinigang Langis'** o pugon ng langis. Ang Gethsemane ay kung saan ikaw ay pinipiga at pinipisa para manatili kang sumusunod sa kalooban ng Dios. ***"8 Sa magkabikabila ay nangagigipit kami, gayon ma'y hindi nangaghihinagpis; nangatitilihan, gayon ma'y hindi nangawawalan ng pagasa; 9 Pinaguusig, gayon ma'y hindi pinababayaan; inilulugmok, gayon ma'y hindi***

nangasisira; 10 Laging saan ma'y tinataglay sa katawan ang kamatayan ni Jesus, upang ang buhay ni Jesus ay mahayag naman sa aming katawan. 11 Sapagka't kaming nangabubuhay ay laging ibinibigay sa kamatayan dahil kay Jesus, upang ang buhay naman ni Jesus ay mahayag sa aming lamang may kamatayan." (2 Corinto 4:8-11 KJV)

Kailangang pagdaanan ni Jesus ang karanasang iyon sa Getsemani upang matupad Niya ang kalooban ng Dios. Kaya nang pumunta Siya sa Getsemani hindi Siya upang magpasya o magisip kung ano ang Kanyang gagawin, kundi pumunta Siya upang manalangin upang maging handa Siya na gawin at tupdin ang napagpasyahan na Niyang gawin. Kaya nasa iyo na ito, kung nagdesisyon ka na gawin ang kalooban ng Dios at harapin at pagdaanan ang iniutos ng Dios sa iyo, walang makakapigil o makakahadlang sa iyo na gawin iyon. Ang panalangin ay makapagpapalakas sa iyo; nililinis nito ang iyong isipan, at inihahanda ka upang maging handa at matatag sa pagharap sa paparating na itinakdang pangyayari.

Pumunta si Jesus doon upang manalangin at nanalangin Siya ng tatlong beses; Ang panalangin ay parang magpainit na paghahanda para sa Kanya na dumaan sa karanasang iyon. Nang pumunta Siya sa Getsemani, dinala Niya ang Kanyang mga alagad kasama Siya, ***"36 Nang magkagayo'y dumating si Jesus na kasama sila sa isang dako na tinatawag na Getsemani, at sinabi sa kaniyang mga alagad, Magsiupo kayo rito, samantalang ako'y pumaparoon doon at manalangin." (Mateo 26:36 KJV)*** At pinili Niya ang tatlo sa kanila para magbantay at manalangin kasama Siya. ***"37 At kaniyang isinama si Pedro at ang dalawang anak ni Zebedeo, at nagpasimula siyang namanglaw at nanglumong totoo. 38 Nang magkagayo'y sinabi niya sa kanila, Namamanglaw na lubha ang kaluluwa ko, hanggang sa kamatayan: mangatira kayo rito, at makipagpuyat sa akin." (Mateo 26:37-38 KJV)*** Binuksan ni Jesus ang Kanyang buhay sa tatlo sa Kanyang mga alagad at hinihiling sa kanila na makiisa Siya sa panalangin. Ibinahagi Niya sa kanila ang Kanyang kalungkutan at kung paano Siya labis na nabibigatan ng sama ng loob. ***"33 At kaniyang isinama si Pedro at si Santiago at si Juan, at nagpasimulang nagtakang totoo, at namanglaw na mainam." (Marcos 14:33 KJV)*** Ang mamuhay bilang alagad ni Jesus at mamuhay ng buhay Cristiano ay hindi isang magaan na paglalakbay o masayang piknik, kundi isang pamumuhay at pagkakasunod-sunod ng masakit na karanasan

Isipin mo ito: Walang sinuman ang maaaring pilitin ka na magkasala kung ayaw mo, at walang sinuman ang makakapigil sa iyo na gawin ang gusto ng Dios kung handa ka. Maraming Cristiano sa ngayon ang nakapaligid sa labas ng Getsemani ngunit walang sinuman ang handang dumaan dito. Ang makitid na daan ay magsisimula sa halamanan ng Getsemani. Kaya kapag nagpasya kang dumaan sa Getsemani, maaaring hindi ka makakita ng mga taong nakakaunawa sa iyo at handang suportahan ka. Sa katunayan, ang Getsemani ay upang tiisin ang mga sumusunod pa:

10. Tanggapinn na pagdaanan ito kahit ikaw ay nag-iisa. HANDA KA BA?
11. Tanggapin na makita ang mga taong malapit sa iyo na iniwan ka at kahit pa itanggi na kilala ka nila, gaya ng nangyari kay Jesus mula sa Kanyang sariling mga alagad. Karamihan sa kanila ay iniwan Siya. Pinagtaksilan Siya ni Judas at sinabi ni Pedro na hindi Niya Siya kilala.

Nang iniwan Siya ng mga alagad ni Jesus, hindi Siya iniwan ng Panginoon. Nagpadala ang Panginoon ng isang anghel para palakasin Siya habang Siya ay nagdurusa. ***"43 At napakita sa kaniya ang isang anghel na mula sa langit, na nagpalakas sa kaniya." (Lucas 22:43 KJV)*** Minsan maiisip o sasabihin mo, *'Kung may kasama aka, madali lang.'* Pero kahit nag-iisa ka, palalakasin ka ng Dios at magagawa mo ang pagdaanan iyon. Kahit pa nag-iisa ka at walang ibang nag-aalala sa kalagayan mo, magagawa mo pa rin ito kung determinado kang gawin.

Dinala ni Jesus ang Kanyang mga alagad, at pinili pa Niya ang tatlo sa kanila upang samahan Siya nang malapitan para masaksihan nila ang ginagawa ni Jesus at matuto para sa nalalapit na hinaharap na pagdadaanan din nila ang parehong karanasan. Ang buhay mo dapat maging patotoo para sa iba, para hikayatin sila at gabayan sa paggawa ng kalooban ng Dios sa pamamagitan ng pagdaan sa karanasan ng Getsemani. Kapag nakita nila ang buhay mo at kung ano ang pinagdadaanan mo, matututo sila sa'yo kung paano maabot at maisagawa ang kalooban ng Dios sa kanilang araw-araw na buhay at lumakad kasama ang Dios.

Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, ***"41 Kayo'y mangagpuyat at magsipanalangin, upang huwag kayong magsipasok sa tukso: ang espiritu sa katotohanan ay may ibig, datapuwa't mahina ang laman."*** Kamunduhan, kawalan ng pagmamasdi, at pagkilalal, kakulangan ng pananalangin, at pagbibigay daan para sa pagnanasa ng laman, lahat ay mga paraan at maikling landas upang mahulog sa tukso.

Ang karanasan sa Getsemani ay nagpapakita pa ng mga sumusunod:-

12. Maging mulat na dumating na ang oras, ***"malapit na ang oras".*** Hindi na maaaring ipagpatuloy ang pagpapabaya at pagtanggap sa manipulasyon ng mga Fariseo, katiwalian ng sistema, kasalanan ng pagmamahal sa pera, at mga pagtataksil. Kailangan nating harapin, kailangan nating maging handang

dumaan sa mahihirap na panahon, kailangan nating maging handang dumaan sa mga nakakahiya at kakaibang sitwasyon ng pagkainis, insulto, pang-aabuso, handang magpatawad sa mga nakasakit sa atin, tutulan ang mga gumagawa ng kasamaan, paglayo sa ating sarili sa mga gumagawa ng masama, ipahayag sa lahat na wala tayong kinalaman sa masasamang tao.

13. Maging handa na bayaran ang halaga, tanggapin ang sakit at pisikal na pananakit, isuko ang mga mayroon tayo at maging ang ating personal na bagay. Natanggap ni Jesus ang iba't ibang uri ng pananakit sa katawan, pananampal, pagpapalo at nawala pa ang Kanyang sariling damit.
14. Maging handang makita ang kamay ng Dios na kumikilos sa paglilinis sa Kanyang simbahan, tinatanggal ang bawat sanga na hindi nagbubunga, upang ang mga mabubungang sanga ay magbunga pa ng higit.
15. Magkaroon ng kahandaang makita ang mga taong kinamumuhian ka.
16. Magkaroon ng kahandaang harapin ang mga taksil, ***"46 Magsitindig kayo, hayo na tayo: narito, malapit na ang nagkakanulo sa akin."***

Sa aking mahal at minamahal: "17 Ikaw nga'y magbigkis ng iyong mga balakang, at ikaw ay bumangon, at salitain mo sa kanila ang lahat na iniuutos ko sa iyo: huwag kang manglupaypay sa kanila, baka ikaw ay panglupaypayin ko sa harap nila. 18 sapagka't, narito, ginawa kita sa araw na ito, na nakukutaang bayan, at pinakahaliging bakal, at pinaka kutang tanso, laban sa buong lupain, laban sa mga hari sa Juda, laban sa mga prinsipe niyaon, laban sa mga saserdote niyaon, at laban sa bayan ng lupain. 19 At sila'y magsisilaban sa iyo; nguni't hindi sila mangananaig laban sa iyo: sapagka't ako'y sumasa iyo, sabi ng PANGINOON, upang iligtas ka." (Jeremias 1:17-19 KJV) Maging matatag sa iyong pamumuno sa iyong pamilya, sa iyong asawa at mga anak, at sa iyong pamumuno sa simbahan at ministeryo na inilagay sa iyo. Huwag magpadala sa mga taong naligaw at may kasalanan. Gamitin ang iyong awtoridad na galing sa Dios upang linisin ang iyong pamilya at ang mga miyembro ng iyong ministeryo.

Ang aking Panalangin: *Amag Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus. na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at muling nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong Salita na ipinadala mo sa akin upang ako ay mahikayat na ipagpatuloy at magtiyaga sa aking paninindigang paglilingkod sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng pag-aalalay at suporta na natatanggap ko mula sa iyo sa aking paglalakbay sa pamumuhay para sa iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng pagtuturo, pagtutuwid, pagwawasto, at mga pangaral na natanggap namin sa mensaheng ito.*

Lumapit ngayon sa Dios, aminin at talikuran mo ang iyong mga kasalanan. Aminin at talikuran mo ang iyong mga kompromiso, ang pagpapahintulot sa kasalanan, katiwalian, at takot sa tao. Aminin at talikuran mo ang iyong mga pag-aalinlangan, mga pag-aalala at madaling panghihina ng loob. Aminin at talikuran mo ang iyong pagiging makamundong tao, kasakiman, pagibig sa pera, pagmamahal sa mga materyal na bagay at pagnanasa sa laman. Aminin at talikuran mo ang hindi mo kahandaang maglingkod sa Dios, tanggapin ang mga hamon, at tumugon sa Kanyang pagtawag sa iyong buhay. Aminin at talikuran mo ang hindi mo kahandaang mausig at makaranas ng paghihirap at sakit para kay Cristo. Aminin at talikuran mo ang hindi mo kahandaang tanggapin ang mga insulto, kahihiyan, pagtanggi, pagkakanulo at pisikal na sakit. Aminin at talikuran mo ang pagiging masamang halimbawa sa iba. Aminin at talikuran mo ang paggawa ng sarili mong kagustuhan at hindi ang kalooban o plano ng Dios sa iyong buhay. Aminin at talikuran mo ang kakulangan sa pagyuko, panalangin at pagbabasa ng Salita ng Dios. Aminin at talikuran mo ang pakikisana sa at pagsasayang ng oras sa Media, balita at kaibigan. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa sumusunod na mga kasalanan _____.

Panginoon Ipinapangako ko ang aking sarili sa itinuturo na natanggap namin sa mensaheng ito. Panginoon, hindi ang aking kalooban kundi ang iyong kalooban ang mangyari sa aking buhay sa sumusunod na sitwasyon _____. Panginoon, ipinapangako ko ang aking sarili sa iyo, ihanda mo ako upang malampasan ang sumusunod na sitwasyon _____. Panginoon, ipinapangako ko ngayon na tatayo akong matatag at gagawin ang kinakailangan sa aking pamilya at sa buhay ng ministeryo. Panginoon, pawalang-bisa ko ang sumusunod na sitwasyon _____ at hindi papayagan ang mga taong ito _____ na gawin ang kanilang sariling kalooban at plano. Panginoon, palakasin mo ako, protektahan mo ako at pumunta bago ako upang ang iyong kalooban ay matupad. Panginoon, nagtitiwala ako na ibibigay mo sa akin ang lahat ng aking pangangailangan.

Panginoon,dalangin ko ang aking mga Kapatid na lalaki at babae na maging matiyaga silang gawin ang iyong kalooban. Panginoon, protektahan mo sila mula sa masama at mula sa pag-uusig. Panginoon, ibigay mo sa kanila ang lahat ng kanilang pangangailangan. Panginoon, punuin mo sila ng Banal na Espiritu at ibigay ang mga espirituwal na kaloob na kailangan nila upang magpatuloy at pagsilbihan ka. Panginoon, gawin mong mabuting halimbawa ang kanilang buhay sa iba upang maakit sila sa iyo.

Panginoon kami'y nagpapasalamat at pinararangalan sa lahat ng ginagawa mo sa aming buhay. Panginoon, ipagpatuloy mong pagpalain ang iyong simbahan at gawing mas mabunga ang aming mga sangay. Panginoon, tulungan mo kami bilang isang simbahan na magpatuloy at maglingkod sa iyo at tapat na gawin ang iyong gawain. Panginoon, pangunahan mo kami sa paghahanap ng mga tao na ipahayag sa kanila ang iyong Salita at ang iyong kalooban. Panginoon, gabayan mo kami ng iyong Banal na Espiritu sa pag-eevangelio, sa pagpunta at paggawa ng mga alagad, at sa pagsasanay ng mga manggagawa upang pumunta at magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, iligtas mo kami hanggang sa dumating ka at dalhin kami sa Langit. Panginoon, dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at mas maraming alagad ang mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com